

# 1

“Psst... psst...” Pilit na kinukuha ni Georgie—a.k.a. Geronimo—ang atensyon niya sabay siko sa kanyang tagiliran.

Natawag nito ang kanyang pansin at nakita niyang nakanguso ito. Sinundan niya ng tingin ang itinuturo nito at tila sa isang alarm clock ay automatic na nag-alarm ang lahat ng nerve endings niya sa katawan.

Pakiramdam ni Mayumi ay lalabas na sa dibdib niya ang kanyang puso. Hindi rin niya mapigilan ang pag-iinit ng kanyang mukha. Iyon ang nangyayari sa kanya sa tuwing nakikita niya si Gabriel Victorio. Napasinghap siya nang tumingin ito sa direksyon nila. Kumaway si Georgie rito, subalit dinedma nito ang beauty ng bakla.

Hanggang sa makalayo ito ay nakasunod pa rin siya. She watched him walk away and was mesmerized by his confident stride. He was so proud and so sure of himself. Bukod kasi sa isa ito sa mga kinalolokohan ng mga kababaihan sa university na pinapasukan nila ay isa rin ito sa mga pinakamatalinong estudyante roon. He had been very active in both academics

and sports. Sino ba naman ang hindi mababaliw? Ang kaibahan lamang nito sa ibang kalalakihan ay tila hindi nito alam na ganoon ito kapopular, at iyon marahil ang nagustuhan niya sa binata.

“Suplado talaga ni Briel, ’no? May pakaway-kaway pa akong nalalaman, deadma naman. At ikaw naman, Bakla, hanggang tingin ka na lang ba talaga? Aba, halos maglaway ka na riyan, napapanis ang beauty mo dahil sa pagsintang-pururot mo sa lalaking iyon,” panenermon pa sa kanya ni Georgie.

“Ano’ng magagawa ko? Kapag nakikita ko na siya hindi na ako makakilos. Hindi ko maisabuhay ang motto natin.” Napabuntong-hininga siya at muling hinarap ang mga readings niya sa Psychology 101, na salamat sa kanyang utak ay hindi niya maintindihan. Wala na rin siyang ganang magbasa dahil nasa ibang direksyon na ang isip niya.

Ang nabanggit na motto nila ay ang walang kamatayang, *‘Daig ng malandi ang maganda; pero mas okay kung malandi ka na, maganda ka pa.’* Maraming pagkakataon na napatunayan na nila iyon ng mga kaibigan niya. A flirtatious look, an angelic smile, a little bit of skin ay napapasunod ang mga kalalakihan sa kanila. Si Ruby nga na siyang pinaka-adventurous sa kanila ay nagawang gawing nobyo ang kapatid

ng best friend nito na may nililigawan noon, gamit lamang ang motto nila. Siya lang yata ang natatakot na isabuhay iyon, lalo pa kung gagamitin niya iyon kay Briel. Malandi na siya kung malandi, pero hanggang sa pagpapaganda lang iyon.

“Kung ako sa iyo, Mayumi, kikilos na ako. Hindi mo makukuha si Mr. Suplado kung titingnan mo lang siya sa malayo. Alalahanin mo, malapit na ang graduation niya, pagkatapos n’on, babush na sa iyo. It’s time for your grand seduction.”

Napaisip siya sa sinabi nito. Tama nga ang kaibigan, tatlong buwan na lamang at aalis na ito sa campus. Hindi na niya ito makikita, dahil third year pa lang siya at nanganganib pa na hindi maka-graduate on time.

Parang gusto niyang umiyak. Hindi niya type na maka-graduate ng college nang N.B.S.B. o No Boyfriend Since Birth pa siya. Ang pinakamasaklap ay si Briel lang ang nais niyang maging boyfriend.

She had loved him since first year—kahit pa hindi siya nito napapansin, gayong maraming lalaki ang nagnanais na maging girlfriend siya. Kahit ngayon na magkaklase sila sa isang minor subject ay ni hindi man lang siya nito kinakausap. Parang hindi siya nag-e-exist para rito.

No! Hindi siya dapat sumuko. Kailangang malaman nito ang totoong nararamdaman niya—na mahal niya ito.

Marahil nga ay kailangan na niyang ipakita ang kanyang alindog. Yes! She would do everything to win his heart.

In-imagine na niya ang kanyang gagawin, siyempre pa sa tulong ng kanyang mga amiga. With that, a satisfied look crossed her lovely face.

---

“Briel, may nagpapabigay sa iyo,” tawag sa kanya ng kaklase niyang si Ruan.

Nasa last period na siya at tutungo na sana siya sa library upang ipagpatuloy ang research niya para sa kanyang thesis nang tawagin siya nito.

Napatingin siya sa inaabot nitong isang basket na puno ng cookies. Punung-puno ito ng mga ribbons at maliliit at pink na mga puso. Naglalaban ang kalooban niya kung tatanggapin niya iyon o hindi.

“Kanino galing iyan?” tanong niyang hindi pa rin inaabot ang basket. Sanay siyang may nagbibigay sa kanya ng kung anu-ano, pero ngayon lang may nagbigay ng pagkain. Kinakabahan siya na baka may

lason iyon o gayuma. O baka naman isa ito sa mga prank jokes ng mga kasama niya sa basketball team.

“Kay Mayumi,” nakangising sagot ng kaklase. Halata sa mukha nito ang inggit sa kanya.

Kumunot ang noo niya nang marinig ang pangalan ng nagpapabigay ng regalo. Sino ba si Mayumi?

Isa lang ang kakilala niya na may ganoong pangalan at imposibleng magkainteres ito sa kanya. Masyado nang maraming lalaki ang umaaligid kay Mayumi Sta. Maria para mapansin pa siya nito. Her group had been notorious for being flirt, snob and gorgeous; malayo sa circle na kinabibilangan niya.

Tila wala sa sarili na tinanggap niya ang basket. Na-curious siya, lalo pa’t mayroong maliit na note na nakalagay roon.

“Sige, Bro... salamat.” Tumango ito at pagkatapos ay tinungo na niya ang library bitbit ang basket.

Inalala niya sa isipan si Mayumi o Yumi. Classmate niya ito sa isang minor subject. Saksi siya kung paano nito paikutin ang mga kaklase nilang lalaki makakopya lang ng assignment. At sino ba naman ang hindi mapapaikot? She was one of those very few women with clear translucent skin.

Napakakinis ni Mayumi, para itong ibinabad sa gatas sa sobrang puti. Her big brown eyes looked so innocent and thrilling at the same time. And her lips—sensual and luscious—could make any sane man think of strawberries and kisses. Hindi man ito gaanong matangkad ay nabiyayaan naman ito ng sexy na pangangatawan.

Kaya naman, isang ngiti at parang mga asong ulol ang mga kaklase sa pagsunod sa lahat ng kahilingan ng dalaga. Siyempre pa inis ang ilang classmates niya rito at pati na rin siya. He just knew that type, para itong linta na nanggagamit upang makamit lahat ng gusto.

Nagtataka nga siya at hindi ito lumalapit sa kanya. Ni hindi siya nito kinakausap gaya ng ilang classmates nilang babae.

Narating niya ang library. Pagkatapos niyang mahanap ang mga kailangan na aklat ay nagtungo na siya sa paborito niyang puwesto sa tapat ng bintana. Tanaw roon ang malawak na field na berdeng-berde lalo pa't katatapos lang ng ulan kaninang tanghali.

Inilapag niya ang mga gamit sa mesa kasama na ang basket. Iniisip pa niya kung babasahin na niya ang note. Ano nga ba ang intensyon ni Mayumi at binigyan siya nito ng cookies? Wala siyang ginawang

pabor para rito. Hindi kaya may hihilingin ito sa kanya?

Kinuha niya ang note at dahan-dahang binuksan. It was so feminine. Hindi maitatangi ng handwriting at bango ng stationery ang nagmamamay-ari niyon.

*The cookies are sweet, just like me. If you like more, see me at the back of the library tomorrow at six p.m.*

Napamura siya nang mabasa ang nakasulat doon; hindi rin niya maipaliwanag dahil naapektuhan siya sa sinasabi ng sulat. It was short and direct to the point.

Sino ba namang matinong babae ang magsusulat ng ganoon? It was like a bloody invitation, an indecent proposal. Tama nga ang kutob niya na sakit ng ulo ang dala ng maliit na basket na iyon. Nagsisi tuloy siya na tinanggap niya iyon.

Pinunit niya ang note at muling hinarap ang libro. Kung inaakala nito na katulad siya ng ibang lalaki sa campus nila ay nagkakamali ito ng pinagtripan.

Wala itong mapapala sa kanya.

---

“Ano, naibigay mo ba?” nag-aalalang tanong ni Mayumi kay Ruan, ang classmate nila na inutusan

niyang magbigay sa basket ng cookies.

“Oo. Alam mo namang malakas ka sa akin... kahit pa hindi ako ang type mo,” biro nito sa kanya. Pagkatapos niyang magpasalamat ay umalis na rin ito.

Siya mismo ang nag-bake ng mga cookies na iyon. Lahat na yata ng pagmamahal niya ay naibuhos na niya habang nagluluto kaya umaasa siya na magugustuhan iyon ni Briel. She also sent a little note, telling him of how she truly felt about him. It was so sweet and so lovely na kahit siya ay naiyak nang mabasa iyon. Sana lang ay hindi siya nito pagtawanan.

“Bakit nariyan ka pa? Hala, magpaganda ka na, Mare, at nang makapunta ka na sa likod ng library,” utos sa kanya ni Ruby, isa sa mga kaibigan niya.

“Ano naman ang gagawin ko sa likod ng library?” nagtataakang tanong niya, pero nag-ayos na rin siya. Kinuha niya ang kanyang face powder at ang ever-present niyang lip gloss at sinimulang i-apply ang mga iyon. Salamat sa kanyang magandang balat, kahit powder at lip gloss lang ay okay na siya.

Nakita niya na nagkatinginan sina Ruby at Georgie. Nakangisi ang mga ito na tila may alam na



hindi niya alam.

“Basta surprise iyon, Yumi. Ang mabuti pa ay umalis na tayo at baka mahuli pa tayo.” Hinila na siya ng mga ito.

Mabilis na narating nila ang library, lampas alas seis na at nakita niya ang pagkabahala sa mukha ng mga ito.

“Bakit wala pa siya? Sigurado ka na pinalitan mo ang note ni Yumi?” tanong ni Ruby kay Georgie, halata sa mukha nito ang pagtataka.

“Oo naman, Sistah. Hinarang ko kaya si Ruan para lang mailagay ang note na iyon. Baka naman dinedma ang beauty ni Yumi.”

Tumingin ang dalawa sa kanya at napatingin na rin siya sa mga ito. “Ano’ng ibig ninyong sabihin na pinalitan ninyo ang sulat ko? Sh\*t! Ano ang inilagay ninyo?” Bigla siyang kinabahan sa nalaman. Napaupo siya sa gilid ng building.

“Sabi ko you are sweeter like the cookies at kung gusto pa niya, makipagkita siya sa iyo sa likod ng library,” paliwanag sa kanya ni Ruby.

Namutla si Mayumi sa nalaman. Baka isipin ni Briel na sobrang landi niya. Ano ba ang madalas

gawin ng mga estudyante sa likod ng library sa ganoong oras?

Namula siya sa naisip.

“Sorry na, Mayumi, ang baduy naman kasi ng sulat mo, eh. Baka ni hindi man lang niya iyon tingnan. Ang mga lalaki dapat nakyu-curious para magkainteres sa isang babae.” Umupo ang mga kaibigan sa tabi niya at niyakap siya.

“Baka kasi isipin niya na easy-to-get ako. Na sobrang cheap ko. Imagine, yayain ko siya sa likod ng library.” Hindi niya alam kung maiiyak siya o matatawa sa ginawa ng mga kaibigan.

“Gaga! Ano pa sa palagay mo ang iisipin niya, eh, nililigawan mo na kaya siya. At mind you, Hija, maraming nabubuo sa likod ng library na ito, kaya huwag mong mamaliitin ang hiwaga ng lugar na iyon.”

Natawa silang dalawa ni Ruby sa sinabi ni Georgie. Tiningnan niya ang kanyang wristwatch. Quarter to seven na, marahil ay basted agad ang first attempt niya na ligawan ang kanyang first love. Napabuntong-hininga tuloy siya.

“Don’t tell me susuko ka na. Isusuka ka naming tatlo nina Kyla kapag ginawa mo iyan,” banta ni Ruby

sa kanya at alam niya na pinalalakas lamang nito ang fighting spirit niya.

“Anong susuko? Mga girls, para saan pa ang motto natin, kung hindi ko isasabuhay?” Pilya siyang ngumiti at pagkatapos ay tumayo na. Sumunod naman ang mga kaibigan at magkakasabay silang naglakad palayo sa library. Hindi nga siguro siya nagtagumpay ngayon, pero pasasaan pa at mapapansin din siya ni Briel.

---

Naglalakad noon si Briel nang mula sa kung saan ay sumulpot si Mayumi. Iniiwasan niya talaga ito at kahit na sa klase nila ay hindi niya ito tinitingnan. Hindi niya alam kung bakit, pero parang kinakabahan siya tuwing lalapit ito sa kanya.

“Hi!” nakangiting bati nito. Her smile alone could light the empty hallways. Minura niya ang sarili sa naisip.

Nilagpasan niya ito, pero nakasunod pa rin ito sa kanya.

“Natanggap mo ba ’yong cookies?” narinig niyang tanong nito mula sa kanyang likuran. Mukhang walang balak itong lubayan siya.

“Oo, salamat,” walang ganang tugon niya.

Akala niya ay aalis na ito subalit umagapay pa ito sa kanya. “Saan ka na niyan pupunta?” pangungulit pa nito.

Saglit siyang tumigil at pagkatapos ay hinarap ito. Nakaramdam na talaga siya ng pagkairita. Pakiramdam kasi niya ay parang biglang nawalan siya ng kalayaan.

“Sa lugar na hindi mo ako masusundan,” iritadong sagot niya. He didn’t even try to hide his irritation. Pagkatapos ay tinalikuran na niya ito.

“Ah,” narinig niyang sabi nito pagkatapos ay muling sumunod sa kanya.

“Ano ba talaga ang gusto mo sa akin, Mayumi? ‘Wag mo akong isali sa mga playthings mo, hindi nila ako katulad. And for God’s sake, mahiya ka naman sa pangalan mo, hindi iyang habol ka nang habol sa lalaki.” Hindi niya napigilan ang sarili na sabihin iyon.

He was very much aware of what she could do to him, and he would not fall for that. Nakita niya na parang may namumuong luha sa magagandang mata nito. And for the life of him, he felt guilty for saying those things to her. Napabuntong-hininga siya.

“Okay! Please lang, Mayumi, lubayan mo na ako. Kahit na ano ang gawin mo, hindi ako mahuhulog sa iyo,” seryosong saad niya para maliwanagan na ito.

“Paano mo nalaman? Kilala mo na ba ako para sabihin mo na hindi ka mai-in love sa akin. Hindi mo alam kung gaano kahirap itago ang feelings ko para sa iyo. No! Kahit ano pa ang sabihin mo ay hindi ako titigil, you will love me, too. Kahit pahirapan mo pa ako, nakahanda na ako. I will not regret letting you know that I love you,” madamdaming pahayag nito.

Nahilot ni Briel ang sentido. Bakit tila hirap na hirap siyang ipaunawa rito ang nais niyang mangyari? Napatingin siya sa mga mata nito and something hit him. The sincerity and love in her eyes made him dumbfounded. Napakurap siya para mapalis ang kung anuman iyon na naramdaman niya kanina.

“Bahala ka sa buhay mo!” Inis na iniwan niya ito.

Gawin na nito ang lahat ng paraan para makuha siya pero hindi siya bibigay. Napangiti siya sa tinakbo ng kanyang isip. Baligtad sa karaniwan ang mga pangyayari sa kanila.

Wala namang mawawala sa kanya, subalit nagkibit-balikat siya. Sa isang tulad ni Yumi, marahil ay wala na ring mawawala rito.

## 2

Gaya ng sinabi ni Mayumi kay Briel ay hindi talaga niya ito tinigilan. Dinadalhan niya ito ng mga pagkain and even flowers. She would come to school at her best and sit beside him during their class. Hindi siya pinanghihinaan ng loob kahit pa hindi siya nito pinapansin at malamig ang pakikitungo sa kanya. Kahit marami ang nagtaas ng kilay sa ginagawa niya ay wala siyang pakialam. Alam naman niya na insecure lang ang mga ito dahil hindi kaya ng mga ito ang mga ginagawa niya. Basta siya ay patuloy lang na ipaparamdam kay Briel ang pagmamahal niya para rito.

“Good afternoon!” nakangiting bati niya nang parang aparisyon na lumitaw ang lalaking kanina pa niya pinagpapantasyahan. Subalit ni hindi man lamang siya nito pinansin at pagkatapos ay umupo sa likuran kasama ang ilang classmate nilang lalaki. Hindi ito umupo sa puwesto nito.

Parang nakaramdam siya ng pagkapahiya lalo pa at nakita niya ang pag-ismid ng isa nilang kaklase na si Heidi. Alam niyang patay na patay ito sa prinsipeng niya kaya inirapan niya ito. Kung inaakala nito na

ipapakita niya sa lahat na napahiya siya ay hindi pa siya kilala nito.

Tumayo siya at graceful na lumakad patungo sa kinaroroonan ng binata. Everyone in that room looked at her direction, anticipating her next move. She caught his eye, willing him to look at her and notice the sway of her hips, the glorious flipping of her lustrous hair.

Napangiti siya nang makita ito na nakatingin din sa kanya. The flash of admiration passed his dark eyes, but it soon disappeared and then his expression turned blank.

Dapat na sana siyang kabahan at umatras subalit siya ang tipo ng tao na hindi alam ang salitang iyon. Isa pa, kung gagawin niya iyon ay parang nagpatalo na siya sa lahat ng umiintriga sa kanya.

Nasa harapan na siya nito, subalit sa halip na umupo sa tabi nito ay sa tabi ni Ruan siya naupo. She flashed her ever radiant smile to the guy as she took her seat.

Naringgan niyang nahugot ni Briel nang marahas ang hininga nito. Napangiti siya, marahil ay apektado rin ito sa charm niya kahit na hindi ito umamin. She just needed to buy her time, pasasaan ba't makakamit

niya rin ang pag-ibig nito.

---

“Balita ko, Pare, nililigawan ka ni Mayumi.” Iyon ang panimulang bati kay Briel ni Henry, ang best friend niya. Nasa isang meeting sila ngayon para sa kanilang school paper nang buksan nito ang topic na pinakaiiwasan niya.

Lahat na lang ng tao sa campus ay iyon ang itinatanong sa kanya. Kung kumusta na raw ba ang score sa pagitan nila? Kung bakit hindi na lang daw niya ito patulan? At kung may balak ba siyang sagutin ito? Sa sobrang dami ng nag-uusyoso sa ginagawa ng manliligaw niya ay puwede na silang maging frontpage ng school paper.

Tinotoo talaga ni Mayumi ang panliligaw sa kanya. She would sit beside him in class, exposing to him a great deal of her lovely legs. She would also smile at him as if he was the king of the world. Nakakairita talaga lalo na at ramdam na ramdam niya na sa kanila nakatingin ang mga kaklase. Parang biglang lumiit ang kanyang mundo.

Napailing siya at inumpisahan na basahin ang mga articles na nasa mesa.

“Ano, hindi mo ba pagbibigyan si Mayumi? Naku,



hindi mo alam ang suwerteng dumapo sa iyo! Alam mo bang ang daming manliligaw n'on? Itanong mo pa sa basketball team, lahat yata sila crush si Yumi. Si Roby nga alam ko nililigawan siya hanggang ngayon, pero walang pumasa," patuloy pa rin ni Henry sa pang-uusisa sa kanya.

"Hindi suwerte, Pare, kamalasan ang dala ng babaeng iyon. Hindi ko nga alam kung bakit ako pa ang pinagtripan, ang dami namang lalaki na nagkakandarapa sa kanya."

"Baka naman talagang gusto ka niya." Inayos na ng kaibigan ang ilang papers na approved at puwede nang i-layout.

Nagkibit-balikat siya. Sigurado siyang joke lang ang lahat ng iyon. Alam niya ang mga tipo ni Mayumi; marahil ay napagpustahanan lamang siya o kaya ay isang trophy lamang ang tingin nito sa kanya. But love? Impossible!

Kahit pa nakita niyang sincere ito nang sabihin ang mga salitang iyon ay hindi pa rin siya basta mahuhulog doon. Ayaw niyang matulad kay...

Pinalis niya ang tinatakbo ng kanyang isip. Magkaiba silang dalawa, hindi niya gagawin ang pagkakamali nito. Hahanapin niya ang kanyang ideal

girl. She would be lovely, demure and intelligent. At hindi si Mayumi iyon.

“Kung gusto mong lubayan ka niya, manligaw ka na ng iba, malay mo biglang matauhan kung sakali,” biglang suhestiyon ng kaibigan.

Natahimik siya sa sinabi ni Henry, tama nga ang sinabi nito. Isa iyong napakagandang ideya. Bakit ba hindi niya iyon naisip? Isa na lang ang problema: sino ang liligawan niya?

A face flashed through his mind. Perfect! The plan would work and then, ‘Goodbye, Mayumi’ na siya.

---

“Baka gusto mo ng juice, dinalhan kita?” Inabot ni Mayumi ang juice sa pawis na pawis na si Briel sabay punas ng pawis nito sa noo.

Talagang nagkagulo ang basketball team sa pagpunta ng dalaga roon. But they were, well a bit disappointed nang lapitan niya si Briel.

Hindi lingid sa kaalaman niya na halos lahat sa mga ito ay may crush sa kanya. Si Roby nga na team captain ng mga ito ay nanliligaw na sa kanya ngayon, kaya naman hangga’t maaari ay hindi siya

pumupunta roon nang mag-isa. Subalit dahil alam ng lahat na si Briel ang gusto niya ay malakas na ang loob niya.

“Bakit ka ba nagpunta rito? Alam mo, ginugulo mo lang ang practice namin.” Halatang iritado ang boses ni Briel na nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan.

Paano ay nalibang siya sa pagpupunas ng pawis nito sa noo. Iniiwas naman nito ang katawan mula sa kanya. Nakatingin lahat ang mga tao sa kanila. Si Roby ay madilim ang mukha habang nagmamasid; halatang pigil na pigil nito ang sarili.

Dapat sana ay mainis siya dahil binubulyawan na naman siya ng mahal niya, pero nasanay na siya. Atensyon pa rin iyon, at pakiramdam niya ay nagiging close na sila kahit kaunti.

Parang gusto niyang batukan ang sarili sa naisip. Alam naman niya ang totoo ngunit hindi lang talaga niya magawang sumuko. Mayroon pa siyang kulang sa dalawang buwan para makuha ang nais niya... bago nito tuluyang iwan ang school nila. Kaunting panahon na lang, kaya naman pinag-iigi niya ang panliligaw rito.

“Ikaw naman, Pare, ang init agad ng ulo. Hindi naman nakakagulo si Yumi, ang totoo nga bigla

kaming na-inspire. Baka sa susunod ay kami naman ang punasan niya ng pawis.” Kinindatan siya ni Jun at nginitian naman niya ito nang matamis.

Sa pagkagulat nilang lahat ay tumayo na si Briel at hindi na tinapos ang break. Nagpunta na ito sa court at naglaro na. Pinabalik na rin ng coach ang mga players.

Si Roby naman ay naupo na sa tabi niya.

“I can’t understand why you like him. Tingnan mo nga, ni hindi ka niya pinapansin.” Walang halong pait ang tinig ng manliligaw nang sabihin ang mga salitang iyon. Nang harapin niya ito ay mataman lamang itong nakamasid sa kanya na tila ba lahat ng sasabihin niya ay importante para rito—na siya ang pinakamahalagang bagay para rito.

Ibinalik niya ang paningin kay Briel at nahuli niyang nakatingin din ito sa kanila. Nakipagtitigan siya rito, subalit nagbawi ito ng tingin at ipinagpatuloy ang paglalaro.

“Parang katulad lang din iyan ng situation natin. Bakit mo ba ako pinagtitiyagaang ligawan samantalang marami namang may gusto sa iyo?” balik-tanong niya rito.

Umusog ito at ginagap ang kamay niya. Pinilit

niyang bawiin iyon subalit hinawakan nito iyon nang mahigpit. “Alam mo ang sagot sa tanong mo, Mayumi. Sinasabi ko sa iyo, kahit ano’ng gawin mo hindi ka niya papansinin. Hindi ikaw ang ideal girl niya and I know Briel, he always sticks to his damn standards, kaya wala kang chance sa kanya. Masasaktan ka lang.”

“Well, kung totoo man ang sinabi mo, ako naman ang masasaktan at hindi ikaw. Kaya just let me be, okay. Kaya ko ang sarili ko. I won’t regret doing all these things.” Iyon lang at iniwan na niya ito at lumabas na siya ng gym.

Wala naman talagang kasiguruhan ang lahat. Kung masasaktan lamang siya ay naihanda na niya ang sarili, pero bakit ngayon palang, may kung anong sakit siyang naramdaman sa puso niya sa ideyang iyon.

---

Papunta na sana si Mayumi sa tambayan nila ng mga kaibigan nang matanaw si Briel na papalapit sa kanya. Bigla ay hindi niya napigilan ang saya na lumukob sa kanyang puso. Mukhang sinagot na ni Lord ang mga prayers niya.

Malawak ang kanyang pagkakangiti habang

iniipit ang buhok sa likod ng kanyang tainga. Hindi niya mapigilan ang pagtahip ng kaba, nanlalamig siya na hindi niya mawari at parang may mga kung ano sa sikmura niya.

Subalit nawala ang ngiti niya nang makita sa malapitan ang madilim na mukha ng binata. Tumigil ito mismo sa harapan niya at pagkatapos hablutin ang kanyang braso ay hinila siya patungo sa likod ng isang building.

“Sandali lang, ano ba ang problema mo?” tanong niya rito nang bitiwang siya nito. Hinaplos niya ang kanyang braso, tiyak na mangingitim iyon sa higpit ng pagkakahawak sa kanya ni Briel.

Napatingin ito sa braso niya and she saw remorse in his eyes. Pero saglit lamang iyon dahil muling nagdilim ang mukha nito.

“Ano’ng gusto mong patunayan ha? You went there to flirt with Roby. Hindi mo ba alam na muntik na kaming magsuntukan nang dahil sa iyo? Ano ba ang motibo mo? Are you trying to make me jealous? Well, forget it because as I’ve said before, I will not fall for you! Kaya hindang-hindi ako magiging apektado kahit na sinong lalaki pa ang landiin mo,” galit na galit na panenermon nito.

Siya ay ni hindi makapiyok sa mga narinig. Magagalit sana siya dahil kung magsalita ito ay para namang lahat ng lalaki sa campus nila ay nilalandi niya. Pero sa inasal nito ay daig pa niya ang tumama sa lotto.

“Iyon lang ba ang pinagpuputok ng butse mo? Don’t worry, Briel, kahit na sino pa ang manligaw sa akin, hinding-hindi ko sila papansinin. At F.Y.I., ikaw lang ang nilalandi ko sa buong campus, kasi ikaw lang ang mahal ko.”

“Hindi iyon ang ibig kong—”

Pinutol niya ang sasabihin nito sa pamamagitan ng isang halik. Iyon ang first kiss niya at naganap iyon sa likod ng nabubulok na building ng school nila.

Hindi siya marunong humalik. Kahit pa maraming libro at pelikula na ang nabasa’t napanood niya, at ang mga kaibigan niya ay madalas na ikuwento ang mga escapades ng mga ito with their boyfriends, nothing prepared her for the sensation of the first touching of their lips. Nakadikit lang ang labi niya sa labi nito. Ni ayaw niyang idilat ang mga mata, ni ayaw niyang huminga dahil baka magising siya at malaman na hindi totoo ang nagaganap.

Napasinghap siya nang gumalaw ang mga labi

*Stupid For You - Chelsea Enriquez*

---

ni Briel, slowly capturing her lower lip. Daig pa niya ang mga linya ng poste ng *Meralco* sa tindi ng kuryenteng dumaloy sa kanya. Nang tugunin niya ang mga halik nito ay naging mas mapangahas ang pag-angkin ni Briel sa kanyang mga labi. His lips became so demanding, and yet so gentle. She was breathless and time stood still. Nothing mattered but him, only him.